Kapag humikab ang isa sa inyo, magpigil siya sa pamamagitan ng kamay niya sa bibig niya sapagkat tunay na ang demonyo ay pumapasok."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag humikab ang isa sa inyo, magpigil siya sa pamamagitan ng kamay niya sa bibig niya sapagkat tunay na ang demonyo ay pumapasok."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang humikab sa pamamagitan ng pagbubukas ng bibig niya dahilan sa katamaran o kabusugan, na maglagay siya ng kamay niya sa bibig niya para ipantakip ito. Iyon ay dahil ang demonyo ay pumapasok sa bibig niya kapag hinayaan niya itong nakabukas, kaya naman ang paglalagay ng kamay ay magiging tagaharang sa pagpasok niyon.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5280